# KALATAS

**Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan**

TOMO 45 BILANG 11 | BASAHIN AT TALAKAYIN | NOBYEMBRE 2025


EDITORYAL

## Kabataan, tanganan ang sulo ng mga pakikibakang masa laban sa kurakot at papet na rehimeng US-Marcos II

Pag-asa ng bayan—seryoso ang kasalukuyang henerasyon ng kabataan na patotohanan ito at harapin ang hamon ng kanilang panahon. Buong sigasig nilang tinutupad ang tungkuling pangunahan at pasiglahin ang pakikibaka ng bayan upang kamtin ang pambansang kalayaan at tunay na demokrasya.

Nagningning ang sektor ng kabataan sa pangunguna sa malalaking *walkout* sa mga pamantasan hanggang sa mga lansangan upang makipagkaisa sa masang Pilipino at mapangahas na mamuno laban sa korapsyon. Panandang bato sa kasaysayan ang muling pagtitipon at pagmamartsa ng hanggang daanlibong bilang ng mamamayan sa mga lansangan laban sa burukratikong korapsyon.

Mula sa malalaking pagkilos ng Setyembre 21 hanggang kasalukuyan, kasama ang kabataan sa nanguna sa pagpapatambol ng kampanya laban sa burukrata kapitalismo at garapal na katiwalian ng estado. Itinatag nila ang malalapad na alyansa't samahan ng kabataan-estudyante sa mga pamantasan at mga komunidad. Bitbit nila ang mga panawagang papanagutin ang mga Marcos, Duterte at lahat ng sangkot sa anomalya ng korapsyon sa *flood control projects* (FCP) at mga proyektong pang-imprastraktura.

Nalantad ang mga kaso nina Marcos Jr. at Duterte na hari at reyna ng korapsyon sa nagdaang iskema ng paglustay sa *confidential and intelligence funds* at iba pang *lumpsum funds* ng gubyerno. Isiningit sa pambansang badyet ang mahigit ₱281 bilyong pork barrel at ₱243 bilyong *unprogrammed appropriations* ni Marcos Jr., at ang ₱415 bilyong *pork barrel* ng mga kongresista at senador na nakakubli sa anyo ng f*arm-to-market road*, multipurpose building at iba pa. At sa kabila ng ilang buwan nang imbestigasyon ng Independent Commission for Infrastructure (ICI) at mga "anti-korapsyong" hakbang ni Marcos Jr., walang napapanagot na



**KALATAS**

*Nobyembre 2025*
*TOMO 45 BILANG 11*

*NILALAMAN*

*1 Kabataan, tanganan ang sulo ng mga pakikibakang masa laban sa kurakot at papet na rehimeng US-Marcos II*
*3 Jordan "Ka Sy/Ka Moy" Mopon, magiting na kumander, pinarangalan*
*4 Kurakot Managot: Pagpapakasasa ng mga gahaman, pinsala sa mga Palaweño*
*5 Panayam: Buhay ng maralita*
*6 Tugon ni PdG: Paano ginagamit ng imperyalismong US ang edukasyon para manipulahin ang kaisipan ng mga kabataan?*
*8 203rd IBde, ubod ng sinungaling,*
*8 Panggigipit ng AFP sa pamilya at pagkakait sa labi ni Ka SY, paglabag sa IHL*
*9 ISM sa Mindoro at Rizal, inatake ng AFP-PNP*
*10 Buwan ng Magsasaka, ginunita sa serye ng mga aktibidad sa TK*
*11 Protesta ng mga kabataan, magsasaka at komunidad sa TK laban sa korapsyon, nagpapatuloy*
*12 Kultura: Ang buhay na sinisid ni Ka Renz*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

burukratang kurakot sa trilyong pisong dinambong na pondo. Ang mga kinasuhan sa Office of the Ombudsman ay ang mga *scapegoat* at hindi ang mga kapural ng pagnanakaw tulad nina Marcos, Duterte, atbp.

Batid ng bayan na sa bulsa ng mga burukrata napupunta ang kalakhan ng panukalang badyet habang patuloy na kinakaltasan pa ang gamumong pondo sa serbisyong panlipunan. Sa gitna ito ng tumataas na presyo ng bilihin at sadsad na presyo sa *farmgate* ng produktong bukid. Nananatiling bagsak ang sahod ng mga manggagawa at dumarami ang nakikipagsapalaran sa *gig economy* at impormal na trabaho. At sa kabila ng matinding pinsala sa buhay at kabuhayan, barya ang ayuda sa mga biktima ng sunud-sunod na kalamidad na lindol, baha at pagputok ng bulkan.

Kumukulo ang sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya at pumuputok ang mga pakikibakang masa dahil hindi na mabata ang kronikong krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Nag-aalsa ang mamamayan at maraming bilang ng kabataan ang nangangahas manguna sa laban ng masang anakpawis.

Sa kasaysayan, nangunguna ang kabataan sa pagmumulat at paglikha ng opinyong publiko, pagsasagawa ng propaganda at pagbibigay ng edukasyon sa masang anakpawis upang dalhin sila sa landas ng rebolusyon. Mapagpasya ang kanilang papel sa pagsulong kapwa ng ligal na demokratikong kilusan at armadong pakikibaka.

Marapat na halawan ng mga aral ang mayamang kasaysayan ng paglahok ng kabataan sa rebolusyon sa gitna ng inilulunsad na kilusang pagwawasto. Sa Unang Kilusang Propaganda, pinukaw ang mga kabataang ilustrado ng mga nobela ni Jose Rizal at mga sining biswal ni Juan Luna na nagpausbong ng mapanlabang diwa ng sambayanan sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Mula rito, pinasimulan nina Andres Bonifacio at Katipunan ang unang pambansa-demokratikong rebolusyong Pilipino ng 1896 na nagpalaya sa bansa sa kuko ng kolonyalistang Espanyol.

Sumibol sa mga *study circles* sa mga pamantasan at mga talakayan ang Ikalawang Kilusang Propaganda sa pamumuno nina Jose Maria Sison na nagtatag ng Kabataang Makabayan noong 1964. Naging instrumento ang pinakaabante sa kanilang hanay upang maitatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) at Bagong Hukbong Bayan sa pambansang saklaw upang isulong ang pambansa demokratikong rebolusyong may bagong tipo. Utay-utay nilang inihanda at binuksan ang mga sona't larangang gerilya upang itatag ang pulang kapangyarihan sa kanayunan na naging moog ng paglaban ng sambayanan sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Pumutok ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 sa pakikipagsanib-pwersa ng mga kabataan sa masang anakpawis. Dala ang mga panawagan laban sa kahirapan, kawalang trabaho, implasyon, korapsyon at pagpapakatuta sa US ni Marcos Sr., lumalim at lumawak ang rebolusyonaryong kilusan hanggang mapabagsak ang diktadurang US-Marcos I.

Malalim na ang balon ng mga gintong aral ng kilusang kabataan at pagdurugtong nito sa kilusan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Sa kanilang hanay nagmumula ang sunud-sunod na henerasyon ng mga rebolusyonaryong pumupuno sa pamunuan ng Partido, Hukbo at iba pang organisasyong masa.

Dapat patuloy na magpunyagi ang kilusang kabataan-estudyante upang iwaksi ang suhetibismo sa anyo ng empirisismo sa diwa ng

pagwawasto at pagsulong. Dapat nilang isagawa ang malawak at masiglang gawaing edukasyon-propaganda sa masa na napukaw at kumilos sa isyung anti-korapsyon at anti-burukratang kapitalismo. Sa gitna ng panglalabusaw ng imperyalismong US sa kanilang kultura at kaisipan, kailangang pangunahan ng mga kabataan ang pagiging kontra-agos at kapalit nito ay ipalaganap ang pambansa, siyentipiko at maka-masang kultura.

Ilunsad ang libu-libong *discussion groups* na nagtatalakay sa pagsusuri sa napapanahong usapin ng korapsyon, alternatibong solusyon at pakikibakang pambansa-demokratiko. Resolbahin ang mga balakid sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos. Pangkat-pangkat silang pakilusin upang makipamuhay at makipag-aralan sa masang anakpawis at iba pang sektor sa mga pagawaan, sakahan, pribadong institusyon, ahensya ng gubyerno at iba pang pook-trabaho.

Tiyaking magsilbi sa paglawak at paglalim ng kasapian ng mga organisasyong masang pambansa-demokratiko sa hayag at lihim ang bulwak ng ispontanyong pagkilos ng masa. Reklutahin sa Partido ang mga abante at pinakamahuhusay na anak ng bayan at mapangahas na pamunuan ang lahat ng pumuputok na laban ng sambayanang Pilipino laban sa bulok na estado at imperyalismo. Ilunsad ang kilusang pag-aaral at pagpapalaganap sa prinsipyo at mga akdang Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, inaabot ng kabataan ang kanilang buong potensyal. Maagap silang nahuhubog upang maging matapang at matatag sa pagharap sa mga sakripisyo at kahirapan. Tiyak na hindi mahihibas ang balon ng Pulang henerasyon sa pagtangan ng kabataan sa makasaysayan nilang tungkulin hanggang sa paghahatid ng digmang bayan sa tagumpay ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya hanggang sosyalismo. K



# Jordan "Ka Sy/Ka Moy" Mopon, magiting na kumander, pinarangalan


Iginawad ng Partido Komunista ng Pilipinas at Regional Operations Command ng BHB-TK ang pinakamataas na Pulang saludo at pagpupugay kay Jordan "Sa Sy/Ka Moy/Ka RF" Mopon, 40, sa kanyang pagkamartir noong Oktubre 17 sa Sityo Balagbag, Brgy. San Mateo, Norzagaray, Bulacan. Nabuwal siya sa labanan sa pagitan ng pasistang tropa ng 73rd DRC, 703rd Infantry Brigade para ipagtanggol ang mamamayan ng Sierra Madre.

Nagmula si Ka Sy sa isang pamilyang magsasaka sa Antipolo City, Rizal na namulat dahil sa hirap ng buhay. Naorganisa siya sa grupong pang-organisa ng mga kabataan sa edad na 16 at sumampa sa BHB pagsapit ng 18 noong 2003.

Kinakitaan si Ka Sy ng kasipagan sa pag-aaral at pagsasanay kaya mabilis na nahasa at napanday bilang rebolusyonaryo. Maaalala siyang matiyagang nagbabasa ng mga sulating militar nina Mao Zedong, Zhu De at Vo Nguyen Giap. Tinitingala siya ng mga Pulang mandirigma bilang hindi lamang mahusay na kumander sa labanan kundi masigasig na mag-aaral ng prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at mga rebolusyonaryong dokumentong militar.

Nagbigay din ng mensahe ng parangal si Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK at Panrehiyong Komite ng Partido sa Rizal. Ipinaabot nila ang kanilang taos-pusong pakikiramay sa mga kapamilya ni Ka Sy.

Ani Ka Cleo, "Tunay na ehemplo ang kagitingan ni Ka RF para sa mga nagpapanday na upisyal militar sa hanay ng NPA. Hamon sa bawat kasapi ng NPA ang pagsasapuso at pagsasabuhay ng kanyang diwang lipos ng kadakilalan. Walang pagod na pag-aralan ang paglulunsad ng digmang bayan at buong tapang na harapin ang kahirapan, sakripisyo at kamatayan." K



KURAKMANAGOT

# Pagpapakasasa ng mga gahaman, pinsala sa mga Palaweño

Nagdeklara ang Palawan ng *state of calamity* matapos rumagasa ng bagyong Tino sa probinsya noong unang linggo ng Nobyembre. Pinakamatinding tinamaan ang mga bayan sa Hilagang Palawan na El Nido, Roxas, San Vicente, Taytay, Araceli, Dumaran, Cuyo, Agutaya, Magsaysay, Cagayancillo at Calamianes Group of islands.

Nag-*landfall* ang bagyong Tino sa Batas Island, Taytay noong Nobyembre 5. Pinakamaraming apektado ng bagyo ang 29,601 pamilya o 97,616 indibidwal mula sa mga bayan ng Coron, Taytay at Roxas. Dahil sa bagyo, lumikas ang mga Palaweño kung saan 77,000 ang nagsiksikan sa mga *evacuation center* habang 16,000 ang nasa labas ng mga pormal na kanlungan (*shelter*). Higit 1,054 tahanan ang napinsala—149 ang nasira at 905 ang parsyal na nasira. Nasira rin ang limang pasilidad pang-imprastraktura ng probinsya. Nasalanta rin ang mga tahanan ng mga pambansang minorya sa Cuyo, Agutaya at Araceli.

Muling nasaksihan ng mga Palaweño ang bahang kalsada; wasak na mga tulay, eskwelahan, ospital at iba pang pampublikong pasilidad; nasirang pananim at lubog na mga bangka. Sariwa pa sa kanilang alaala ang pagbaha noong Pebrero na resulta ng tuluy-tuloy na pag-ulan na hatid ng *intertropical convergence zone, shear line* at *low pressure area* sa Timog Kanlurang Palawan.

Lalong nagpupuyos ang damdamin ng mga Palaweño dahil sa pinsalang natamo nila sa bagyo. Higit na lumulutang ang kapabayaan ng gubyerno sa mamamayan at ang pagpapakasasa nito sa kaban ng bayan sa gitna ng pagkakalantad ng korapsyon sa mga maanomalyang *flood control projects* (FCP) na alinman sa substandard ang pagkakayari ay hindi totoo. Sa Palawan, umaabot ng 92 ang FCP na nagkakahalaga ng ₱4.07 bilyon.

Itinuturo ng mga lokal na yunit ng gubyerno ang kakulangan ng mga FCP sa Hilagang Palawan upang makabawas sa pagbaha tuwing may malalakas na pag-ulan at bagyo. Sa pagpaplano ng probinsyal na gubyerno at Department of Public Works and Highways, makikitang mas maraming FCP ang isinulong sa Puerto Princesa City na may 19 na proyektong nagkakahalagang ₱885.3 milyon. Malaking disbalanse ito dahil hindi lamang ang siyudad ang madalas bahain kundi maging ang mga bayan sa Hilagang Palawan. Napinsala rin ang Puerto Princesa ng bagyong Tino kung saan higit 3,236 pamilya mula sa 38 barangay ang lumisan sa kanilang mga tirahan at tumungo sa mga *evacuation center*.

Kabilang sa mga FCP sa Puerto Princesa ang konstruksyon ng Riverbank Protection Structure sa Ilog Irawan na nagkakahalaga ng ₱212.2 milyon at apat pang kahalintulad na proyekto sa parehong ilog, na ang isa ay nagkakahalaga ng ₱194.9 milyon at ang tatlo pa ay nagkakahalaga ng ₱17.3 milyon. Sa kabuuan, umaabot ito ng ₱459 milyon o halos kalahating bilyon sa isang ilog. Samantala, nabunyag ang maanomalyang proyektong San Pedro FCP na nagsimula pa ang konstruksyon noon pang 2001 subalit 24 taon na ang nakalilipas ay 34% pa lamang ng proyekto ang natatapos. Nagkakahalaga ang naturang proyekto ng ₱120 milyon ngunit nalantad na noong 2023, mahigit 80% ng pondong nilaan para rito ang nailabas na (₱98 milyon). Nais pang gumastos ng lokal na gubyerno ng Puerto Princesa City ng ₱29 milyon para bumili ng mga kagamitang "kontra baha". Sa kabila ng malinaw na anomalya at disbalanse sa buong isla, pinaplano pa ng lokal na gubyerno ng Palawan na magdagdag ng 14 pang FCP sa Puerto Princesa City.

Nagpapakasasa na nga sa korapsyon sa mga huwad na proyektong pang-imprastraktura, labis pa ang kapabayaan at kapalpakan ng rehimeng US-Marcos II sa pagtugon sa pinsala. Dinadaing ng mga Palaweño ang kakulangan ng ayuda at paggawad ng serbisyong pangkalusugan matapos ang sakuna. Dagdag pang pasanin sa mga Palaweño ang nagpapatuloy na mga proyektong mina sa Palawan na nangwawasak ng kalikasan at kabundukan na natural na proteksyon sa mga bagyo, pag-ulan at pagbaha. Pinahintulutan ito ng rehimeng US-Marcos II, kasabwat ang mga lokal na gubyerno ng Palawan sa paglipana ng mga kumpanyang mina rito.

Higit na tinutulak ng mga kalagayang ito ang mamamayang Palaweño na singilin at papanagutin ang bulok na sistema ng gubyernong pinamumugaran ng mga burukrata kapitalista. Noong Setyembre 21, nagtipon ang 4,000 Palaweño sa Puerto Princesa City para kundenahin ang korapsyon ng gubyerno. Isinagawa nila ang isang prayer at *indignation rally* para kundenahin ang mga salarin. Dumalo rito ang iba't ibang sektor na mula sa kabataan, relihiyosong grupo, *non-government organization* at sibikong samahan. Habang nagpapatuloy ang katiwalian at kabulukan ng gubyerno, patuloy na maghahangad ang mga Palaweño, kasama ang buong sambayanang Pilipino ng tunay na pagbabago. Hindi sila titigil hangga't hindi nakakamit ang asam na katarungan at kalayaan. K

# Panayam: Buhay ng maralita

Habang nagpapasasa ang mga burukrata-kapitalista sa kinakamal nilang yaman sa pangungurakot, nagtitiis sa hirap ang mga maralitang magsasaka sa bansa. Nakapanayam ng Kalatas sina Ka Yessa, 53 at Ka Kentin, 55 mula sa magkaibang probinsya sa Timog Katagalugan. Kapwa sila mga maralitang magsasaka na kinagisnan na ang hirap ng buhay ng pagsasaka.

Ang mag-anak ni Ka Yessa ay nagpapaaral ng isang anak na nasa Grade 10. Wala silang sariling lupa at nakikisaka sa isang malilit na parsela ng lupa. Ang tangi nilang pag-aari sa produksyon ay itak at asarol. Inilalako niya ang mga tanim na gulay at buko mula sa kanyang kaingin. Mayroon din silang sariling ilang alagang kambing.

Samantala, si Ka Kentin ay may isang ektaryang lupang sinasaka mula sa limang ektarya na pinaghahatian nilang limang magkakapatid. Ang kanyang lupang panirikan ay nakuha nila mula sa ipinamahagi ng rebolusyonaryong samahang magsasaka. Dati itong niyugan na pina-*clearing* ng *caretaker* noong dekada 1980s hanggang 1994. Bandang 1998, naging masukal at magubat ang lugar kaya naghawan sila ng panibago at nagtanim ng saging, balinghoy, kamote, mais, gulay, langka, *star apple*, guyabano, mga halamang gamot at *mahogany*. Kamakailan na lamang nakapagtanim ng niyog dahil dating ipinagbawal ng *caretaker* ng lupa ang pagtatanim nito. Wala man siyang sariling anak na pinag-aaral, tumutulong naman siya sa pagpapaaral ng mga pamangkin. Iniinda na rin niya ang madalas na pananakit ng katawan kaya't bihira nang makapagtrabaho. Minsan, inaabutan siya ng tulong ng kanyang kapatid.

**Kalatas [K]:** Ano ang mayor na pinagkukunan ng kabuhayan? Gaano kalaki ang kita?

**Ka Yessa [KY]:** Ako po'y tumanda na sa paglalako. Nagsimula akong maglako sa edad 14 hanggang sa magkaroon na ako ng sariling pamilya. Sa paglalako, isang oras akong naglalakad mula sa amin bago makarating sa kalsada. Lakad hanggang pa-dalawang baryo, pasan o balagwit ang aking mga paninda para lamang may maibili kaming pagkain at may maipangbaon ang anak ko sa eskwela. Wala na kaming ibang hanapbuhay.



Naghahanap ako ng mailalakong mga gulayin, napapanahong prutas at walis tambo. Medyo malaki ang kinikita ko kapag walis tambo. Nakakadala ako ng 20 piraso, at kapag nabenta lahat sa presyong ₱150 kada isang walis, makakakuha ako ng ₱3,000. Kapag ipinamili ko ng mga pangangailangan namin, minsan, matitirhan kami ng mahigit na ₱1,500. Minsan sapat lang pero madalas na kulang dahil sa taas na ng presyo ng bilihin ngayon. Iisa lang ang anak kong pinapaaral.

Kapag po wala akong maitindang gulay o tambo, buko *juice* mula sa ilang puno ng niyog. Ang gagawin ko, mangunguha na ako ngayong araw ng buko at kinabukasan ang tinda. Ilalagay ko 'yon sa plastik ng yelo, benta ng ₱20 pesos isang plastik. Nakakadala lang ako ng 40 piraso at makakakuha roon ng ₱800 na ipamimili ko na agad ng pangangailangan namin.

**Ka Kentin [KK]:** Nagbebenta ako ng aking mga pananim. Sa pakwan, gagastos ako ng ₱17,000 sa isang anihan, 35,000 ang nabebenta at ₱18,000 ang makukuha ko. Nasa 120 araw ang tagal bago anihin, mula Enero-Abril, na katumbas lamang ng ₱150 kada araw na kita. Ito na ang pinakamalaki kong nakukuha kumpara sa pagbenta ng mga tanim na gulay na pipino at kalabasa at mga bungang buko, niyog at langka.

Hindi ko na piniling magtanim ng palay dahil kailangan ng malaking pera at patubig bukod sa maraming proseso pa bago maani. Nagtatanim at inaalagaan ko na lang ang balinghoy, kamote, mani at mais pangkonsumo habang nagpapalaki ng puno ng niyog.

**K:** Gaano kalaki ang gastusin ninyo sa pamilya?

**KY:** Sa bawat lako ko, kailangang makabili ako ng 10 kilong bigas (₱600), isang kilong asukal (₱84), 300 grams na gatas (₱120). Bawal sa asawa ko ang kape kaya gatas na lang. Dapat tumagal na iyon ng tatlong araw. Gastos namin ay katumbas ng ₱268 kada araw, wala pang ulam. May pang-ulam pang bibilhin, bukod pa ang sa dadalhin ng eskwela.

Naglalaan pa ako ng ₱100 para sa baon ng bata sa araw-araw at ₱100 para sa isang linggong gasolina sa *service* na motor ng eskwela (katumbas ng ₱20 kada araw na may pasok). Nauubusan din po ako. Kaya kapag wala akong maipambaon sa anak ko, matipid naman siya at nakuha ng pera mula sa kanyang ipon huwag lang maka-*absent*.

**KK:** Sa aking sariling konsumo, nasa ₱114.6 ang gastusin ko sa araw araw: 1/2 kilong bigas (₱30), kapeng 25 grams (₱11.6), asukal (₱7), gatas na sachet (₱5), tinapay na pang-meryenda (₱23), load (₱13), tubig inumin (₱12) at gastos

sa kuryente (₱13). Nag-aabot pa ako ng tig-₱120 baon sa 4 na estudyante (2 *high school* at 2 *elementary*) o katumbas ng ₱480 kada araw na may pasok. Kung isasama ang baon ng mga estudyante, aabot sa ₱594.6 ang gastos ko kada araw.

**K:** Nagpapaupa ka ba bilang manggagawang bukid? Ano ang trabaho sa bukid na pinapasukan mo? Magkano ang arawan mo?

**KY:** Sa pagpaupa sa bukid, pumasok sa pagtabas o paggamas kaso kulang na kulang ang ₱500 na kita sa maghapon para sa pangangailangan ng pamilya.

**KK:** Nagpapaupa ako ng mga trabaho sa pagkokopras: ₱600 por libo ang tapas; ₱600 por libo at kawit; at ₱350 por libo ang tigkal.

**K:** May panawagan ka ba sa gubyerno kaugnay sa kalagayan ninyong mahihirap?

**KY:** Panawagan ko sa gubyerno, tulungan kaming mahihirap. Kung meron man silang ibinigay tulad ng TUPAD (Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers), dapat walang paboritismo. Ang mga kamag-anak o malapit lang sa kanila ang nabe-benepisyuhan. Sinubukan ko na ding lumapit sa munisipyo para humingi ng pangtanim ng gulayin pero dalawang balot lang at ilang piraso lamang ng binhing gulay ang binigay.

**KK:** Sa akin na mahirap na ay pinagkakaitan pa, paano pa kaya ang iba? Kaya wala akong maaasahan sa gubyerno at kung minsa'y di na nahiling. Nasa isip kung minsan ay 'pag ipagkakaloob saka lalapit. Dumadaing ang mga *senior* na pati ang budget pinupulitika. Kailangan talaga may ayuda mula sa gubyerno, trabaho o iba pang pagkakakitaan lalo sa panahon ng tigkiriwi.

**K:** Ano ang nakikita mong hakbangin para umalwan ang buhay mo at makaahon sa kahirapan?

**KY:** Dati, makitid ang aking kaisipan, ngayon lumawak-lawak na. Kailangang magkaroon kami ng samahan at itaas pa ang aming pag-unawa. Gusto namin ng sariling lupa. Dapat magkaroon din ng suyuan para magkaroon ng malawak-lawak na taniman dahil sa karanasan ko, napakahirap ng nag-iisa. Katulad ko ngayon, ako'y nag-iisa lang maggamas kaya kakaunti ang aking natamnan. Panawagan ko sa aking mga kapitbahay, dapat magkaisa kaming lahat at magtulung-tulong, pati ang buong baryo.

Kinakatawan ng kwento nina Ka Kentin at Ka Yessa ang mukha ng daan-daang libong maralitang magsasaka sa rehiyong TK na naghahangad ng pag-ahon sa kahirapan. Lubhang napakalayo ng kanilang kita sa dapat na P1,200 arawang nakabubuhay na kita ng isang pamilyang may 5 katao. Dahil dito, araw-araw nilang kinakaharap ang banta ng kalam ng sikmura laluna sa panahon ng tigkiriwi na ipinagkikibit lamang ng balikat ng walang puso at korap na rehimeng US-Marcos II. Panawagan nila'y ayuda at kumpensasyon, at pagsalig sa kolektibong aksyon upang itaguyod ang interes ng uring magsasaka sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

**TUGON**
*ni*
PATNUBAY DE GUIA

## Paano ginagamit ng imperyalismong US ang edukasyon para manipulahin ang kaisipan ng mga kabataan?

Kontrolado ng imperyalismong US ang kultura ng Pilipinas mula nang sinakop ng una ang huli at hanggang sa igawad ang huwad na kalayaan at itatag ang papet na republika ng bansa. Ipinalaganap ng US ang imperyalistang kultura upang bigyang katwiran ang pagkubabaw at pagsasamantala sa bayan kasabay ng pagpatay sa diwang makabayan at anti-imperyalista ng mga Pilipino.

Sa sistema ng kultura at edukasyon, mapagpasya ang impluwensya ng mga ahensya ng gobyerno ng US tulad ng USAID, US Educational Board, Peace Corps at mga pundasyong tulad ng Asia Foundation, Rockefeller Foundation at Ford Foundation. Ginagamit ang mga programa sa palitan ng tauhan sa iba't ibang sektor at ang mga pondong ibinibigay para magbiyahe, mag-aral, at manaliksik upang dakilain ang "buhay Amerikano" at palaganapin ang mga ideyang anti-nasyunal at anti-demokratiko.

Ang mga pondo sa edukasyon ay nakalaan sa pagpapahigpit ng kontrol ng imperyalismong US sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa pagpapautang sa Pilipinas, ginagamit ng imperyalismong US ang mga kasunduan sa World Bank para panatilihin ang mga maka-imperyalistang patakaran sa edukasyon sa pagpapataw ng mga kurikulum at kurso at hanggang sa nilalaman ng *textbooks*.

Ipinatupad ang mga patakarang K-12 program ng rehimeng US-Aquino II na nagdagdag ng dalawang taon ng *senior high school.* Habang pandemya sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, sinimulan naman ang blended learning na may *modular learning* at *online classes* na dagdag pahirap sa pagkatuto ng mga estudyante. Ngayon naman sa panahon ni Marcos ay ipinatupad ang Matatag *curriculum* na nagtanggal sa mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas at higit na nagpalala sa *historical*

*revisionism.* Lahat ng mga iskemang ito ay nakaayon sa pagkakait sa kabataan ng dekalidad na edukasyon at patayin ang makabayang kulturang Pilipino.

**Edukasyong kolonyal, komersyal at mapanupil**

Isa ang edukasyon sa mga pangunahing kasangkapan ng imperyalismong US sa pagkontrol sa isip ng mamamayan laluna ng kabataan. Ipinataw nito ang kolonyal, komersyal at mapanupil na edukasyon na malaon nang nananalasa sa bansa.

Pinagsisilbi ang edukasyon upang ipalaganap ang ideyang palasamba at palaasa sa US. Nakaayon ang sistema ng edukasyon sa neoliberal na patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon.

Nilikha nito ang pamantayan para tangkilikin ang mga produktong imperyalista na iniimport sa bansa kontra sa mga lokal na produkto. Hinuhubog ang isip ng mga kabataan na tanggapin na lamang ang kasalukuyang kalagayan bilang murang pinagmumulan ng lakas-paggawa sa loob at labas ng bansa, gayundin ang mga ipinapataw na mga tagibang na patakarang pumapabor sa imperyalismong US. Patuloy na inihihiwalay ang kabataan sa lipunang ginagalawan niya sa pagtapyas ng mahahalagang asignatura kagaya ng kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka at yaong mga praktikal na araling makakatulong sa pagpapaunlad ng bayan.

Sinusupil ng sistema ng edukasyon sa bansa ang pagyabong ng progresibo at rebolusyonaryong kaisipan. Dinadahas ng estado ang mga kabataan at ipinagkakait ang kalayaan sa pamamahayag at kalayaan sa akademiko. Minimilitarisa ang mga eskwelahan kung saan kinakampuhan mula mababang paaralan hanggang kolehiyo't mga pamantasan at nagsasagawa ng mga papulong at forum sa mga estudyante at guro para sa *red-tagging,* paniniktik at intimidasyon.

**Kultura ng indibidwalismong petiburges**

Noong sakupin ang Pilipinas, unang ipinalaganap sa mga paaralan ang pilosopiya ng liberal na demokrasya. Para lubusang tunawin ang progresibo't makabayang kaisipan ng kabataan, ipinalaganap ng imperyalismo ang postmodernismo, positibismo, eksistensyalismo at iba pang kaisipan. Ginagamit ng US ang postmodernismo para suhayan ang anti-komunistang propagandang "ang kapitalismo ang dulo ng kasaysayan" at ipalaganap ang angat-sa-uring pakikibaka para sapawan ang makauring pakikibaka ng mamamayan sa pamumuno ng uring proletaryado.

Pinatitingkad ang indibidwalismong petiburges sa hanay ng mga kabataan. Hinuhulma silang maging makasarili—magpakalunod sa sariling mga palagay, labis na pagmamalaki sa sarili, pangungunsinti-sa-sarili at kaisipang nakaaangat-sa-iba habang binabalewala ang lahat ng nagaganap sa kanilang paligid. Gamit ang internet at iba pang daluyan, isinasalaksak ng imperyalismo ang iba't ibang anyo ng libangan para ilayo sila sa obhetibong realidad.

**Information warfare at "terror-grooming"**

Sa gitna ng nilulutong gera ng US sa China, pinauulanan ang isip ng kabataan sa pamamagitan ng "edukasyon" para kumampi at sumalig sa US kontra sa China. Ginagawa ito ng US upang bulag na tanggapin ng mga kabataan ang dumaraming presensyang kampo at pwersang militar ng US sa bansa habang umiigting ang tensyon sa West Philippine Sea. Pilit ipinatatanggap ng US sa buong bayan ang pambubuyo nito sa China at kinukundisyon ang isipan ng mga kabataang Pilipino sa pagputok ng gera anumang oras. Nakabalangkas din ito sa pagrerekluta sa mga kabataan sa mersenaryong kasundaluhan sa tabing ng huwad na patriyotismo.

Ginagamit din ang *information warfare* upang ipakete bilang demonyo ang rebolusyonaryong kilusan sa mata ng mga kabataan. Pilit ding iniuugnay ang mga progresibo at makabayang organisasyon at aktibista sa rebolusyonaryong kilusan. Imbing pangarap ng imperyalismong US na ilayo ang mga kabataan sa armadong rebolusyon. Ipinipinta nilang marahas ang mga komunista at rebolusyonaryo at pinagtatakpan ang mga paglabag sa karapatang tao ng AFP, PNP at NTF-ELCAC.

Nilalabusaw ang makatarungang paghihimagsik ng kabataan laban sa mapaniil na estado sa pagpapalaganap ng terminong *"terror-grooming"* laban sa rebolusyonaryong kilusan o ang pagsasanay sa mga bata o kabataang wala pa sa hustong gulang tungong terorismo. Sa kabilang banda, ang tunay na nagpapatupad ng *"terror-grooming"* ay ang estado sa sapilitang rekrutment sa Reserved Officers Training Course sa kolehiyo. Nagpapatuloy din ang berdugo at mersenaryong tradisyon ng AFP dahil sa pasistang indoktrinasyon nito sa mga rekrut.

**Kulturang kontra-agos at rebolusyonaryo**

Malaking hamon ngayon sa mga kabataan at mga manggagawang pangkultura ang pagsusulong ng pambansa, siyentipiko at makamasang sining at edukasyon na direktang sumasalungat sa dominanteng kulturang ipinataw ng imperyalismong US sa bansa—kolonyal, burges, pyudal at dekadente.

Ang pagpapalaganap ng edukasyon at kulturang pambansa ay magbibigay-buhay sa diwang makabayan at paghahangad ng ganap na kalayaan mula sa imperyalismo. Dapat din bitbitin ang edukasyon at kulturang may kritikal na pananaw at pamamaraan upang makahulgapos sa pyudal na gawi at kamangmangan. Sinasalamin ng edukasyon at kulturang pangmasa ang mithiin ng lahat ng inaapi at pinagsasamantalahang uri. Dapat ibandila ang kakayahan ng malawak na hanay ng masa, partikular ang mga manggagawa at magsasaka, sa paghubog ng lipunan at paglikha ng kasaysayan. K

BALITA

## 203rd IBde, ubod ng sinungaling

Pinasinungalingan ng 203rd IBde at 1st Company, 2nd CMO Battallion ang lehitimong labanan sa pagitan ng AFP at isang yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro na naganap noong October 1 sa Sityo Badyang, Barangay San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro upang pagtakpan na bigo sila sa pagpinsala sa BHB.

Nabigo ang isang tim ng mga pasista na pinsalain matapos na paputukan nito ang nakahimpil na isang pormasyon ng LdGC. Organisadong gumanti ng putok ang yunit na nakapagdis-organisa sa kaaway kaya napaatras ang huli.

Nagkalat ang 203rd IBde ng fake news sa social media na hindi umano lehitimo ang labanan para pagtakpan ang kabiguang mapinsala ang BHB. Nagmukha lamang silang katawa-tawa dahil nauna nang kumalat sa Facebook ang labanan na nirekord ng mga residente na nagtipon sa baryo. Kuha sa bidyo ang tunog ng palitan ng putok.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC, nais pagtakpan ng mga sundalo ang di makatwirang malawakang operasyon kahit kinakaharap ng mamamayan ang mga pinsalang tinamo sa kalilipas lamang na bagyo. Tugon din ito umano upang pagtakpan ang kabiguan ng mga sundalo ng 203rd IBde.

"Sa serye ng mga labanang naganap nito lamang Agosto hanggang Setyembre, sunud-sunod ang tinamong pinsala ng 203rd IBde sa aktibong pagdepensa ng BHB laban sa mga sumusugod na sundalo. Tinitiyak ng BHB na palaging alerto sa paparating na kaaway, nakukuha ang inisyatiba sa labanan at natitiyak ang pinsala sa kaaway," pahayag ni Madaay.

BANTAY KARAPATAN

## Panggigipit ng AFP sa pamilya at pagkakait sa labi ni Ka SY, paglabag sa IHL

Inilibing noong Oktubre 23 sa Rizal ang rebolusyonaryong martir na si Jordan "Ka Boyong/Ka SY" Mopon. Siya ang tumayong punong kumander ng Narciso Antazo Aramil Command-BHB Rizal at ng subrehiyonal na kumand. Nabuwal siya habang magiting na nakikipaglaban sa mga pasistang 73rd DRC ng 703rd Infantry Brigade noong Oktubre 17 sa Sityo Balagbag, Brgy. San Mateo, Norzagaray, Bulacan.

Ito ay matapos ang serye ng panggigipit ng 80th IBPA sa pamilya at paralegal at Quick Reaction Team (QRT) na umalalay sa pamilya upang makuha ang labi, tiyaking walang paglabag sa internasyunal na makataong batas at mabigyan ng disente at maayos na libing si Ka SY.

Tahasang nilabag ng 80th IBPA ang internasyunal na makataong batas sa walang pakundangang pangha-*harass* sa pamilya, kaanak, mga kaibigan, mga taga-baryo at sa QRT mula sa pagkuha ng labi ni Ka SY hanggang sa paglilibing. Pinilit ni Lt. Col Mark Anthony U. Rubi, dating Battalion Commander ng 80th IBPA, ang pamilya na sumama sa kanila at hindi sa paralegal para ituro kung nasaan ang labi. Dahil hindi pumayag ang pamilya, hindi itinuro ng 80th IB at pinabayaang maghanap ang pamilya kasama ang QRT sa mga punerarya hanggang madaling araw para lamang matunton ang labi ni Ka SY. Napilitang pumayag ang pamilya na sumama sa militar dahil sa hirap na dinanas at pighating nararamdaman sa paghahanap sa labi ng kanilang mahal sa buhay.

Matagal na bininbin, pinabayaan at itinago ng militar ang labi ni Ka SY kaya umaalingasaw na ang amoy at lumobo na rin ang katawan nito. Nang masilayan ng isang kaanak at paralegal ang labi, nakita nilang putol ang kamay nito at may mga pasa sa katawan. Dahil sa ginawang pagsalaula sa labi ay hindi na magawang buksan pa ang kanyang kabaong sa burol.



*Mga elemento ng 80th IBPA sa burol ni Ka SY*

Hanggang sa burol ay nakaranas ng *harassment* ang pamilya, QRT at buong komunidad. Hindi bababa sa 50 militar na naka-*full battle gear* ang nasa paligid lamang ng burol habang ang iba ay nakakalat sa buong sityo. Walang pasintabing kumukuha ng

mga litrato ang mga *intelligence agent* at sundalo sa mga bisita at nagtayo ng *checkpoint* malapit sa burol. Pinepresyur ang pamilya na tanggalin ang *tarpaulin* na nagpapahayag ng pagpupugay kay Ka SY.

Hindi rin pinaligtas ng 80th IBPA ang mismong libing ni Ka SY. Walang pakundangang binastos ng mga ito ang pagluluksa ng pamilya. Ang lahat ng mga gamit na alaala ni Ka SY at mga simbolo ng pagpupugay na kanyang ibinilin sa pamilya kung siya ay mamatay gaya ng bandila ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ay walang-modong hinablot ng isang ahente ng 80th IBPA sa proseso ng pagsisilid ng mga ito sa kanyang paglilibingan. Hindi na rin nagawang makapagprograma ng pamilya para kay Ka SY dahil sa panggigipit na ginawa ng mga militar.

"Kahit sa huling pagluluksa ng pamilya ay hindi man lang nakuhang magpakitang tao ng mga berdugo't pusakal na 80th IBPA. Hindi na nakapagkubli pa, lumabas ang kanilang tunay na kulay, at naalisan ng maskara ang pagpapanggap nila ng pagbabait-baitan sa pamilya," ani Ka Arman "Arms" Guerrero, tagapagsalita ng NDFP-Rizal.

Sa kabila ng matinding pagsupil ng rehimeng US-Marcos II, AFP, PNP at NTF-ELCAC, matagumpay pa ring naitanghal ng mga kapamilya, mga kaibigan at komunidad ang kadakilaan at kabayanihan ni Ka SY. Ipinahayag ng mga kaanak at komunidad sa social media kung ano ang ginagawa ng kasundaluhan sa kanilang baryo: manggulo, maglasing, magpasimuno ng droga, mambastos sa mga kababaihan, manligaw sa mga kababaihang menor de edad at mambugbog kapag nalalasing. Naganap ang mga ito nang magkampo ang AFP sa kanilang baryo at mga karatig. Ayon sa kanila, noong ang mga NPA ay nakakapunta pa sa kanilang sityo, tahimik at may kaayusan sila.

"Lubos ang pakikiramay at pagsuporta ng NDFP-Rizal sa mga kaanak at komunidad ni Ka SY na buo ang loob na ipagpatuloy ang pakikibaka ng pinag-alayan ng kaisa-isang buhay. Pagbabayarin ng BHB ang pasistang tropa ng AFP kung kaya't nanawagan ang NDFP-Rizal na sumapi sa NPA, mag-armas at ibagsak ang nabubulok na sistema ng burukrata kapitalismo, pyudalismo at imperyalismo." pagtatapos ni Ka Arms. K

# ISM sa Mindoro at Rizal, inatake ng AFP-PNP

Inilunsad ng People's Rising for Climate Justice ang International Learning and Solidarity Mission (ISM) sa mga komunidad na apektado ng militarisasyon at inhustisya sa kapaligiran *(climate injustice)* mula Oktubre 11-14 sa Mindoro at Rizal. Isinagawa nila ang mga imbestigasyon sa mga komunidad, lalo sa mga pambansang minorya na isa sa mga pangunahing biktima ng malawakang pagpapalit-gamit ng lupa para bigyang daan ang malalaking proyektong mapangwasak sa kapaligiran. Bukod sa mga grupong makatao sa Pilipinas, kalahok din dito ang mga delegadong mula sa internasyunal na komunidad.

**Mindoro.** Tumungo ang delegasyon noong Oktubre 11 sa komunidad ng Mangyan-Iraya sa Sityo Malatabako sa Abra de Ilog kung saan nagaganap ang sapilitang pagpapalayas at iba pang kaso ng paglabag sa karapatang tao sa pangunguna ng Pieceland Corporation, isang *real estate developer* na talamak na *land-grabber* sa Mindoro. Habang mainit ang pagtanggap ng lokalidad sa delegasyon, pananakot at panggugulo ang tugon ng estado kung saan kinuhanan ng mga intelidyens ng litrato at bidyo ang aktibidad bandang 7:15, 9:00 at 10:09 ng umaga. Nagpalipad din ng *drone* sa perimetro ng komunidad, sa aktibidad at kahit sa palikuran ng delegasyon.

Hinarang noong Oktubre 13 ng Land Transportation Office (LTO)-MIMAROPA, AFP at PNP ang mga Mangyan-Iraya ng Sityo Malatabako at kanilang abugado, kasama ang delegasyon ng ISM, na patungo sa isang *hearing* sa Abra de Ilog Municipal Trial Court laban sa Pieceland Corporation. Inobliga ng LTO-MIMAROPA ang delegasyon ng ISM na ipakita ang kanilang mga ID bago pahintulutang dumaan.

Matatandaang kinasuhan ng Pieceland Corporation ang 32 Mangyan-Iraya sa Sityo Malatabako na nakibaka para igiit ang karapatan sa lupa sa kasagsagan ng laban sa pagbabakod ng naturang kumpanya sa lupaing ninuno. Kinakaharap ng mga katutubo ang mga kasong *malicious mischief, trespassing* at *usurpation or occupation of real rights and properties.* Mayo 2024 nagsimulang pumutok ang laban ng Mangyan Iraya sa sapilitang pagpapalayas ng Pieceland Corporation.

Sa kabila ng intimidasyon at panghaharang, tagumpay na nakarating ang mga Mangyan Iraya sa munisipyo para sa *hearing.*

**Rizal.** Hindi rin tinigilan ang Rizal *team* ng ISM ng 80th IBPA at NTF-ELCAC. Umaga pa lamang ng Oktubre 12, inimbestigahan at pilit kinuhanan ng pangalan ng 80th IBPA ang bawat delegasyon ng ISM. Naiulat din ang presensya ng mga militar sa pasilidad na tinutuluyan ng delegasyon. Bandang alas-3 ng hapon, nag-istasyon ng anim na militar sa may kulang 20 metrong layo sa pasilidad.

Sa kabila nito, tagumpay na nailunsad ang ISM kung saan nakapagkonsultahan ang tim sa mga komunidad ng Dumagat at inalam ang kanilang kalagayan kaugnay sa kawalan ng oportunidad sa trabaho at kinakaharap na militarisasyon at *development agression* sa kanilang lupaing ninuno. Nagsagawa rin ang ISM ng Basic Human Rights Orientation at pangkulturang aktibidad.

Kapwa kinaharap na problema ng Mindoro at Rizal tim ang burukratikong proseso ng barangay at munisipyo resulta na rin ng pananakot ng AFP, PNP at NTF-ELCAC sa mga lokal na yunit ng gubyerno. Hinihingan ng *permit* ang delegasyon para sa aktibidad na ilulunsad. Nagsagawa ng mga dayalogo ang parehong tim sa mga opisyal ng barangay ng Sta. Inez sa Tanay, Rizal at Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Bukod sa Rizal at Mindoro, tumungo rin ang ISM sa Eastern Samar at Negros Island. Lumundo ang ISM sa Asia Pacific People's Conference on Climate Imperialism and Militarism sa Manila noong Oktubre 16-17 upang ilahad ang mga nalikom na datos kaugnay sa militarisasyon at inhustisya sa kapaligiran. K



# Buwan ng Magsasaka, ginunita sa serye ng mga aktibidad sa TK

Anim na taon mula nang huling mNaglunsad ang Katipunan ng mga Magsasaka ng Timog Kataglugan (KASAMA-TK) ng iba't ibang porma ng pagkilos upang gunitain ang Buwan ng mga Magbubukid ngayong Oktubre.

**Oktubre 18.** Matagumpay na inilunsad ang forum sa LICEO, simbahan ng San Pablo, Laguna katuwang ang San Pablo Ayaw sa Korap (SAPAK) na may temang "Mamamayan Magkaisa para sa Lupa at Buhay, Labanan ang Korapsyon at Katiwalian". Dinaluhan ito ng 60 katao mula sa mga magsasaka ng Pandin, San Pablo; Laguna; Tartaria, Silang, Cavite; at mga katutubong Iraya—Mangyan mula sa Mindoro. Dumalo rin ang mga manggagawa ng PAMANTIK-KMU, mga kabataan ng UPLB at Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN). Pagkatapos ng *forum* ay nagkaroon ng salubungan at protesta sa Carabao Park sa UPLB. Nagmartsa ang delegasyon patungong Student Union Building kung saan inilunsad ang gabi ng pagtatanghal para sa mga magsasaka at katutubo sa temang "Himig ng Lupa, Pintig ng Bayan". Nagsagawa ng talakayan dito ang 103 na katao.

**Oktubre 19.** Nagtipon ang nasa 60 katao sa inilunsad na Bagsakan sa Baclaran sa umaga. Sa misa ng hapon, nagbahaginan ang mga katutubong Dumagat, mga magsasaka ng Rizal at grupo ng Iraya Mangyan hinggil sa kani-kanilang kalagayan.

Sa parehong araw, ikinasa ang asembliya ng KASAMA-TK sa UP College of Social Work and Community Development. Dinaluhan ito ng 150 delegadong magsasaka mula sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon at Mindoro at iba pang sektor. Selyo ng tagumpay ng samahan sa araw na ito ang paghahalal sa bagong panrehiyunal na konseho ng KASAMA-TK.

**Oktubre 20.** Nag-*caravan* ang 309 magbubukid ng TK upang singilin ang mga reaksyunaryong ahensya. Sa harap ng Department of National Defense, nagprotesta sila laban sa walang tigil na militarisasyon at pambobomba sa komunidad ng mga katutubo at magsasaka sa kanayunan. Kinundena nila ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, *red-tagging* at pang-aaresto sa mga lider aktibista at organisador sa TK.

Siningil ang Department of Agriculture sa bagsak-presyo ng palay, kawalan ng kumpensyasyon sa mga magsasaka at patuloy na mababang pasahod sa mga mangagawang bukid.

Sa opisina ng Department of Environment and Natural Resources, ipinaabot nila ang kawalang aksyon nito sa mga pagkasira ng kalikasan sa TK. Itinambol nila ang isyu tungkol sa reklamasyon, *dredging* at Land Use Conversion sa Cavite; pangwawasak sa Laguna Lake dahil sa Laguna Lakeshore Road Network Project at pagtatayo ng Ahunan at Pakil Dam; pananalasa ng malalaking korporasyong mina at *quarry* sa bundok ng Sierra Madre at Mindoro. Tinuligsa rin nila ang mga *green projects* na proyektong *solar farms* sa Batangas, Wind Mill Project sa Bundok Banahaw, at iba pa.

Kinundena ang kawalang aksyon ng Department of Social Welfare and Development sa mga nagdaang sakuna. Tampok ang kawalan ng kompensasyon at suporta sa mga magsasaka ng Batangas na biktima ng Bagyong Kristine isang taon na ang nakalipas. Humihingi ng hustisya ang mga magsasaka para sa dalawang *evacuees* sa Bay, Laguna na namatay sa kapabayaan sa sanitasyon sa gitna ng tuluy-tuloy na pagbaha sa lugar. Tinuligsa ang korapsyon sa kaban ng bayan habang nagdurusa ang mamamayan.

Nagkampuhan naman ang mga magsasaka ng TK kasama ang mga magsasaka ng Central Luzon at Negros sa Department of Agrarian Reform (DAR). Naglunsad sila ng programa sa labas ng ahensya habang may dayalogo sa loob. Muling binigo ng DAR ang mga magsasaka ng Hacienda Roxas sa Batangas, Malatabako at Guinobatan sa Mindoro, Sumilang sa Rizal at Tartaria at Lupang Ramos sa Cavite dahil hindi ito nagbigay ng kongkretong solusyon sa kanilang hinaing. Inilahad ng mga magbubukid ang kanilang galit at pagkadismaya sa ahensya. Kinagabihan, naglunsad ng *cultural night* ang mga magsasaka kasama ang mga guro.

**Oktubre 21.** Dinaluhan ang protesta sa Araw ng Magbubukid ng 365 delegasyon mula sa TK. Pinangunahan ng KASAMA-TK ang maiksing programa sa harap ng DAR. Sinunog dito ang *effigy* na imahe ng rehimeng US-Marcos II bilang pagkundena sa sistemang padrino at korapsyon ng burukrata kapitalismo na nagpatindi sa pang-aapi at pagsasamantala sa mga magsasaka ng TK. Tumungo ang delegasyon sa Liwasang Bonifacio kung saan nagtipon ang mga magbubukid at iba pang sektor mula sa iba't ibang rehiyon upang magdaos ng programa bago tumungo sa Mendiola para sa pagtatapos ng protesta sa Buwan ng Magbubukid.

Tumungo ang buong delegasyon sa Mendiola bilang pagwawakas ng protesta. Sigaw ng mga magbubukid ng TK, "Tuluy-tuloy ang laban, panagutin ang mga magnanakaw! Ikulong ang mga kurakot!" K

# Protesta ng mga kabataan, magsasaka at komunidad sa TK laban sa korapsyon, nagpapatuloy

Mula nang pumutok ang isyu ng korapsyon, sunud-sunod ang mga kilos protesta sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa buwan ng Oktubre, patuloy na inihahatid sa lansangan ang paniningil ng mamamayan ng Timog Katagalugan sa katiwalian at kabulukan ng rehimeng US-Marcos II.

**_Walkout_ ng mga kabataan**

Ipinamalas ng mga kabataang estudyante sa National Youth Day of Action Against Corruption noong Oktubre 17 ang kanilang galit sa estado at burukrata kapitalismo. Umabot ng lagpas 500 kalahok ang mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng Calabarzon habang may naglunsad pa ng online na pagkilos na nilahukan ng 150 *netizen*.

Sabayang nagkilos protesta ang mga kabataang estudyante sa kani-kanilang mga probinsya. Lumahok dito ang mga estudyante mula sa De La Salle University-Dasmariñas, National University-Dasmariñas, National College of Science and Technology, Asian Institute of Science and Technology, Cavite State University, University of the Philippines Los Baños, City College of Calamba, Lyceum of the Philippines University-Laguna, Pamantasan ng Cabuyao, Southern Luzon State University, Manuel S. Enverga University Foundation, Dalubhasaan ng Lungsod ng Lucena at iba pa.

Matagumpay na nailunsad ang kilos protesta sa kabila ng mga balakid na pinakana ng lokal na reaksyunaryong gubyerno sa TK tulad ng mahaba at malawakang suspensyon ng klase, hindi nito napigilan ang sumisilakbong diwa ng nagkakaisang pagkilos ng mga kabataan. Hindi lang ang isyu ng korapsyon ang binitbit ng mga kabataan sa pagkilos, kundi maging ang pagpapanagot sa panunupil, brutalidad at karahasan ng mga pulis sa Mendiola noong Setyembre 21.

Samantala, naiulat ang pagpakat ng 200 pulis sa harap ng mobilisasyon sa Rizal. Nagsagawa pa ang PNP Rizal ng mapanlinlang na *relief operation drive* sa mga komunidad para pigliang lumahok ang mga maralita sa pagkilos. Sa Cavite, sinalubong din ang protesta ng matinding intimidasyon at *harassment* ng PNP-Cavite, BFP at mga opisyal ng lokal na ahensya ng gubyerno. Nagkampo ang Anti-Crime Community Emergency Response Team sa tarangkahan ng People Power Monument sa Dasmariñas kung saan nagtipon ang mga kabataan.

**Pagkilos ng mga magsasaka, komunidad**

Naglunsad ng misang bayan at kilos protesta ang mga magsasaka sa Lemery, Batangas noong Oktubre 24 bilang paggunita sa unang anibersaryo ng paghagupit ng Bagyong Kristine.

Pinangunahan ng Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR) - Batangas at alyansa ng mga Magsasaka para sa Kumpensasyon (AMK) ang protesta. Ipinanawagan nila ang kompensasyon sa kanilang kabuhayan. Giit nila na ibigay ang ang *calamity funds* para sa kanilang kabuhayan at labanan ang korapsyon ng gubyerno.

Sa Lucena City, Quezon, isinagawa ang Trillion Peso Lakad-Dasal noong Oktubre 24. Dala ng mga mamamayan ng Quezon ang panawagan para sa katotohanan, pananagutan at katarungan. Nakiisa rito ang Bantay-Kaban Quezon. Ayon sa kanila, "Ang laban sa katiwalian ay hindi lamang laban sa maling pamamalakad, kundi paninindigan para sa kinabukasan ng aming mga anak at ng buong lalawigan." K






# Ang buhay na sinisid ni Ka Renz


ni Ka Piko

WAG KANG PUMUNTA SA MALALIM!" ang madalas na sambit ng mga nag-aalalang magulang sa kanilang anak na naglalaro sa dagat. Subalit, iba ang sitwasyon para sa kabataang si Ka Renz at ibang katulad niya na sa murang edad ay kinailangan nang suungin ang bagsik ng lipunan.

Si Ka Renz ay isang kabataang maralita na lumaki sa Kamaynilaan. Nakatuntong ng Grade 2 ngunit hindi na natapos ang pag-aaral. Hindi siya lubos na natutong magbasa. Maagang kinamulatan ni Ka Renz ang pangangailangang magtrabaho para makatulong sa pamilya. Nagbenta siya ng sampaguita sa mga simbahan tuwing Sabado't Linggo. Nangalakal ng bakal, bote at tanso. Dito unang iginugol ni Renz ang kanyang *youthful vigor*, ika nga.

Pero sa gitna nito, sumapit ang madilim na yugto ng kanyang buhay. Tulak ng kahirapan, lumahok si Renz sa mga anti-sosyal na aktibidad sa murang edad. Natutong gumamit si Renz ng bawal na droga at nalulong sa mga bisyo para ibsan ang iniindang gutom at pagod. Marami sa kanyang mga kaibigan at kasamahan ang naging biktima ng brutalidad ng kapulisan.

Kinalaunan, lumipat at nanirahan ang pamilya ni Ka Renz sa baybay-dagat sa isang syudad sa Timog Katagalugan. Dito na rin siya mamumulat. Taong 2016, kumaharap ang kanilang komunidad sa ambang demolisyon upang bigyang-daan ang 420-ektaryang Diamond Reclamation Project ng Frabelle Fishing Corporation na pagmamay-ari ni Francisco Tiu Laurel Jr. Hindi bababa sa 300 pamilya ang masasalanta ng proyekto, kabilang ang kanilang pamilya. Sa isyung ito napukaw at naorganisa si Ka Renz.




Higit pang namulat at naahita si Ka Renz nang mag-aral siya ng MKLRP[1]. May pagkamahiyain tuwing *session* dahil hindi niya mabasa ang mga nakasulat sa *powerpoint presentation*. Pero hindi ito naging sagabal sa kanyang pagkilos. Malambot sa loob pero dang kiseg![2] Ganyan si Ka Renz noong maging bahagi ng isang *organizing team* sa mga komunidad ng maralita para magmulat ng kapwa kabataan. Mahusay siyang makipagkaibigan sa mga nakakadaupang-palad niya kaya marami siyang naoorganisa. Sa mga pagkilos, lagi siyang nagboboluntir na mapabilang sa *compo* tim o sa hanay ng mga *security marshall*. Ito ang kinahiligan niyang gawain.

Para sa isang tulad ni Ka Renz na lunod sa krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, hindi naging mahirap para sa kanya na tanggapin ang pambansa-demokratikong programa at suportahan ang armadong pakikibaka. Taong 2017, naging kasapi siya ng Kabataang Makabayan sa isang lokal na balangay sa kanilang bayan. Dito hustong nahubog ang kanyang rebolusyonaryong praktika. Lumahok siya sa mga raling-iglap sa mga sentrong bayan.

Taong 2018, sumama si Ka Renz sa pagpasok sa loob ng isang sonang gerilya sa Timog Katagalugan upang dumalo sa gintong anibersaryo ng Partido. Inspirado at nag-aalab ang diwa ni Ka Renz habang nakikinig at nanonood ng programa. Ito ang nagtulak sa kanya na mag-TOD[3] upang makipamuhay sa BHB at matuto mula sa kanilang mga praktika. Isa sa tumampok na karanasan ni Ka Renz ay ang gawaing masa sa mga base. Isang alaala na hindi niya malilimutan. Pinanday ng karanasang ito ang determinasyon ni Ka Renz na walang kapagurang mag-ambag ng lakas at oras sa pagsusulong ng rebolusyon sa ulitmong layuning ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Bagamat natapos na ang TOD ni Ka Renz, bitbit niya pa rin ang kanyang optimistiko at mataas na rebolusyonaryong diwa hanggang sa kalunsuran. Bilang kasapi ng KM, nagsisikhay si Ka Renz na itaguyod ang kilusang pagwawasto sa buong saklaw ng kanyang kinikilusan. Isa sa pinagsisikapan niyang paunlarin sa sarili ay ang pagpapasigla ng gawaing edukasyon at pagbabasa sa loob ng rebolusyonaryong kilusan kasabay ng paglalapat nito sa praktika.

Ngayon, patuloy si Ka Renz na nakikibaka laban sa rehimeng US-Marcos II sa gitna ng grabeng pangungurakot ng mga burukrata kapitalistang humihigop sa kaban ng bayan. Dito na ibinubuhos ni Ka Renz ang kanyang buong panahon.

"Binago ng kilusan ang buhay ko. *Proud* na *proud* ako sa sarili ko." ika ni Ka Renz. Gaano man kalalim ang karagatan, sisisirin pa rin ito ni Ka Renz at ng milyun-milyong katulad niya. Sa hinaharap, isang higanteng daluyong ng kanilang martsa kasama ang iba pang aping uri at sektor ang gagapi sa lakas ng kaaway at maghahatid sa atin patungong tagumpay. K

---

1 *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino*

2 *dang kiseg – lokal na termino kapag matikas o makisig ang isang tao; 'dang' ay katumbas ng salitang 'sobra'*

3 *tour-of-duty*